**MEDIA INTERVIEW IN NAGA, CAMARINES SUR**
October 26, 2024

BAGONG PILIPINAS

[00:00:00]
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Kaka-brief lang sa akin ng mayor ng Naga and the vice governor of Albay tungkol nga sa nangyari sa kanila.

At so far naman iyong ating mga tulong, iyong mga relief goods, pati iyong mga medical na support, pati iyong mga evacuees, pati na iyong mga nasiraan ng bahay na mayroon talagang gibang-giba, mayroon iyong partially damaged lang – lahat iyan ay mayroon naman tayong sistema. Mayroon naman tayong sistema para tulungan lahat iyong mga naging biktima. And all of that is in place. Iyong mga food packs natin, iyong mga hygiene kit, na-in place lahat iyan. Sapat naman iyong ating supply so far.

Iyong problema namin dito, marami pang area na baha pa rin. Hindi pa rin mapasok, na kahit na iyong malalaking truck hindi pa rin kayang pasukin. It's getting better but there really still are areas na kahit anong gawin namin hindi maipasok.

Kaya't iyong dinaanan natin nakita ninyo was also ginagamitan na natin ng rubber boat. Iyon ang paghatid na lang natin ng relief goods doon sa mga isolated areas. Pero talagang ang effect kung makita mo iyong sa public works, iyong mga nasirang daan, iyong mga nasirang kalsada, nasirang mga tulay, makita mo talaga ang bigat ng tubig, ang laki ng tubig.

[00:01:38]
The waterfall – the rainfall that happened with this storm is almost double of Ondoy. So, iyong Ondoy nakaya pa. Pero ito talagang… Mayroon naman tayong maraming flood control. Mayroon tayong mga dike, mayroon tayong mga pumping station, mayroon tayong mga flood control na gates. Pero sumobra lang talaga iyong tubig at lahat ng flood control natin na dati naman ay nakakayanan kahit na may ulan ay iyon ang nasapawan. The water was just too much.

Beyond that, beyond the immediate rescue — mayroon pa rin tayong nire-rescue by the way. Hindi pa tayo tapos doon sa rescue. So, mayroon pang ibang lugar na nire-rescue pa rin. Pero siyempre iyong mga nasa evacuation center na binibigyan natin ng relief goods nasimulan na — nandoon sa baba — nakita natin nasimulan na iyong pagbigay ng cash benefits para makauwi na iyong mga tao. 'Pag nakauwi na sila may hawak silang pera para sa mga pangangailangan nila. But we will continue to provide them with food packs hanggat kaya na nilang magluto ng sarili nila.

In the long term, we are – I have asked Public Works to look into the study that we are doing together with the Korea Eximbank on the large flood control project here in the Bicol River Basin.

Mayroon iyan dati, mayroon Bicol River Basin Development Project noon. Nasimulan iyan 1973. Maganda naman, maraming natulungan. Ngunit iyong project na iyon hindi lamang flood control, marami pang iba. May farm-to-market road, mayroon pang assistance sa mga communities.

So, ngayon maganda naman naging effect kaya nagkaroon tayo ng mga flood control dito. Ngunit noong 1986, noong nagbago ang gobyerno, natigil iyong project na iyan kaya hindi natapos.

Ngayon, babalikan natin pero iba na ang ating focus. Hindi lamang iyong community — hindi na iyong community development muna. We will focus on the flood control talaga.

Dahil nakita naman natin… Dahil wala na tayong… Huwag na nating asahan na hindi na mangyari ito. Mangyayari — ganyan talaga ang climate change,

severe weather. So, this is the new situation that we have to deal with. Kaya't harapin na natin at gawan na natin ng paraan para iyong Bicol River Basin ay hindi na paulit-ulit na nababaha.

And so that is what we are going to be working on. And hopefully, within the next two years masimulan na itong project na ito.

All right. Okay. Maraming salamat. Thank you.
[00:04:53]

***

BAGONG PILIPINAS